

Ipagpapatuloy namin ang koleksyon ng pangkalahatang basura

Dahil sa sunog na nangyari sa pasilidad ng pagproseso ng basura, ang koleksyon ng basura ay pansamantalang itinigil. Paumanhin sa abalang naidulot nito. **Simula Enero 13, 2025 (Lunes)**, ipagpapatuloy namin ang koleksyon ng pangkalahatang basura. Ang paraan ng pagtatapon ng basura ay magbabago tulad ng sumusunod:

- **Mga Lighter:** Tanggalin ang laman ng mga lighter at ilagay ito sa isang hiwalay na bag mula sa mga nabubulok na basura, at markahan ang bag ng ***"YUGAI."*** Itapon ito bilang pangkalahatang basura.
- **Mga Ceramics at Salamin:** Balutin ang mga ceramics at salamin ng papel at ilagay sa isang hiwalay na bag mula sa mga nabubulok na basura, at markahan ang bag ng ***"WAREMONO."*** Itapon ito bilang pangkalahatang basura.
- **Mga Lithium Ion Battery:** Huwag ilagay ang mga lithium ion battery sa koleksyon site nang kahit anong paraan. **(Ito ay maaaring magdulot ng sunog)**

Pakibawasan ang dami ng iyong basurang itinatapon at sundin ang mg

a patakaran sa paghihiwalay ng basura. Maraming salamat sa inyong pag-unawa at pakikipagtulungan.

Kawaguchi City Hall